Nagsagawa ng Tawaf ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hajj na pamamaalam,[na nakasakay] sa kamelyo,Hinahawakan nito ang Haligi [ng Ka`bah] sa pamamagitan ng tungkod [na may baluktot sa ulo nito]

Ayon kay `Abdullāh bin `Abbās, malugod si Allāh sa kanilang dalawa-nagsabi siya: ((Nagsagawa ng Tawaf ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hajj na pamamaalam,[na nakasakay] sa kamelyo,Hinahawakan nito ang Haligi [ng Ka`bah] sa pamamagitan ng tungkod [na may baluktot sa ulo nito]))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagsagawa ng Tawāf ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hajj ng pamamaalam,at nagdagsaan ang sa kanya ang maraming tao;Kabilang sa kanila ang gustong magmasid sa pamamaraan ng pagsasagawa ng Tawāf niya,at ang iba ay gustong makita ang dakilang pagkatao niya,kaya nagdagsaan sila sa kanya,At kabilang sa ganap na pagmamahal niya sa Ummah niya at pagpapantay nito sa pagitan nila: Ang sumakay siya sa kamelyo, at ginamit niya ito sa pagsasagawa ng tawāf upang maging pantay ang mga tao sa pagmamasid sa kanya,at siya ay may dala-dalang tungkod na may baluktot sa ulo nito,hinahawakan niya ang haligi ,gamit ito .At hinahalikan niya ang patpat, tulad ng nakasulat sa naisalaysay ni Imām Muslim sa Hadith na ito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3025